

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Nagbabalik ang Programang Nurturing Neighbourhoods ng Lungsod para sa 2022

BRAMPTON, ON (Agosto 4, 2022) – Ang Programang Nurturing Neighbourhoods ng Lungsod ng Brampton ay magbabalik sa Martes, Agosto 9, 2022.

Nilalayon ng Nurturing Neighbourhoods Program na mas pahasayin ang pagpapalahok, pagpapalakas sa mga residente upang gumanap ng aktibong papel sa pagpapaganda ng kanilang kapitbahayan, at kumonekta sa kanilang mga resurce. May tatlong paraan para mas matuto ang mga residente tungkol sa kanilang kapitbahayan at ibahagi kung ano ang mahalaga sa kanila:

- Paglalakad sa kapitbahayan – magkakaroon ng limang paglalakad at mga workshop na iho-host sa buong Brampton: Fletcher’s Meadow N/S at Van Kirk, Lundy Village at Fletcher’s Creek, Bramalea G-Section, Castlemore Estates at Wildfield, a t Sheridan.
- Birtwal na mga paglilibot – magkakaroon ng sampung birtwal na paglilibot, na naghahighlight sa mga hiyas ng kapitbahayan sa buong Brampton.
- Survey sa kapitbahayan – gusto ng Lungsod na maunawaan ang mga kapitbahayan ng komunidad at kung paano nakihalubilo ang mga residente sa loob ng mga ito. Hinihikayat ang mga residente na sagutan ang [online survey](#).
- Online mapping tool – ang tool na ito ay magpapahintulot sa mga residente na tukuyin ang mga lugar na gusto nila, mga pag-aalala, at mga pagbabagong gusto nilang makita sa buong lungsod.

Iniiimbihan din ang mga residente ng Brampton na magbahagi ng maikling video na nagha-highlight sa kanilang paboritong mga hiyas ng kapitbahayan para sa pagkakataon na manalo ng mga papremyo! Ipaalam sa Lungsod ang iyong paboritong mga local na lugar bago lumipas ang Agosto 14. Ang napiling mga video ay itatampok sa programa ng taon na ito! Ang mga video ay pwedeng isumite online sa www.brampton.ca/communitysafety.

Sumusuporta ang sponsorship sa mga pagsisikap ng Lungsod para magbigay ng libreng de kalidad na programa na maaaring ma-access ng lahat sa komunidad. Ang Programang Nurturing Neighbourhood ay muli mapagbigay na inisponsor ng Alectra at Enbridge Gas.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Nurturing Neighbourhoods at sa isang kumpletong talaan ng birtwal na mga paglalakad sa kapitbahayan, bisitahin ang www.brampton.ca/communitysafety.

2021 Programa

Sa nakalipas na taon, in-audit ng Lungsod ang 15 kapitbahayan sa buong Brampton para pasalihin ang mga Bramptonian at hikayatin sa civic community-building. Higit sa 1300 residente ang gumanap ang aktibong papel sa paghubog sa kanilang komunidad sa pamamagitan ng Programang Nurturing

Neighbourhoods 2021. Nakatanggap ang Lungsod ng higit sa 900 sagot sa survey, at higit sa 450 pins sa Online Mapping Tool. Para sa karagdagan tungkol sa mga resulta sa 2021, bisitahin ang www.brampton.ca/communitysafety.

Mga Quote

“Ang mga residente ng Brampton ang mga eksperto kung ang pag-uusapan ay ang kapitbahayan na tinatawag nilang tahanan, at ang kanilang sinasabi sa kung ano ang gusto nila tungkol sa ating lungsod at kung ano ang gusto nilang makitang nagbago ay walang katumbas na halaga. Bilang isang Nakakalusog at Ligtas na Lungsod, gusto natin na maramdaman ng lahat ng Bramptonian na makaramdam na ligtas sa kanilang kapitbahayan, may pakiramdam na nabibilang at isang pagkakataon na aktibong lumahok sa kanilang komunidad. Salamat sa mga sumali sa Programang Nurturing Neighbourhoods sa nakalipas, at inaasahan namin ang pakikilahok muli ng ating mga residente para mas matuto pa.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Lungsod ng Brampton ay committed sa pagtatayo ng isang lungsod na ipagmamalaki ng ating mga residente na tawaging tahanan. Iniimbitahan ang Bramptonian na mag-tour sa mga lugar ng Nurturing Neighbourhoods nang personal, magbigay ng kanilang input online o sa isa sa ating nakatakdang mga paglalakad, at ibahagi ang kanilang paboritong mga hiyas ng kapitbahayan sa isang maikling video para sa pagkakataong Manalo ng papremyo! Mahalaga ang inyong opinyon, at gumaganap kayo ng mahalagang papel sa pagtulong sa amin na itayo ang sustainable at kumpletong mga komunidad.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 & 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang Programang Nurturing Neighbourhoods ay nagbibigay sa mga residente ng Brampton ng pagkakataon na ibahagi kung ano ang gusto nila sa kanilang komunidad, matuto tungkol sa paparating na mga programa ng Lungsod at hikayatin ang pagbabago sa lokal. Nagpapasalamat kami sa lahat na nakibahagi sa programa sa nakalipas na mga taon, at inaasahan ang pakikibahagi sa ating mga residente muli sa pamamagitan ng programa sa taon na ito.”

- *Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkabaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](https://twitter.com/Brampton), [Facebook](https://facebook.com/Brampton), at [Instagram](https://instagram.com/Brampton). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

